Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay muntik na siyang inaabutan ng Fajr at siya ay nasa kalagayan ng Junub sa kanyang asawa,pagkatapos ay naliligo siya at nag-aayuno

Ayon kay `Aishah at Umm Salamah-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Hadith na marfu:((Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay muntik na siyang inaabutan ng Fajr at siya ay nasa kalagayan ng Junub sa kanyang asawa,pagkatapos ay naliligo siya at nag-aayuno))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapaalam ni `Aishah at Umm Salamah-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nakikipagtalik sa gabi,at marahil ay inaabutan siya ng Fajr at siya ay nasa kalagayan ng Junub at hindi pa naliligo,at ipinagpapatuloy niya ang pag-aayuno niya at hindi ito pinapalitan, At ang pagpapaalam nilang dalawa sa mga ito ay bilang sagot kay Marwan bin Al-Hakam,nang siya ay mapag-ipadala sa kanilang dalawa,upang tanungin sila tungkol rito.At ang panuntunang ito ay para sa buwan ng Ramadhan at sa maliban rito

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4522